EXPERTISE

# Pahayag ng Sodexo para sa pangunahing karapatan pantao sa trabaho

Setyembre 2021 – Panggrupong Etika

Mula nang maitatag ang Sodexo noong 1966, nasa puso na ng ating modelo ng negosyo ang tao, at isa sa mga prayoridad namin ang tugunan ang kanilang mga inaasahan. Mahalaga ang paggalang sa karapatang pantao sa misyon ng Sodexo na pagbutihin ang Kalidad ng Buhay ng mga empleyado namin at ng lahat ng pinaglilingkuran namin at makatulong sa ekonomiko, sosyal at pangkapaligirang pagpapaunlad ng mga komunidad, rehiyon at bansa kung saan kami may operasyon ng negosyo. Samakatwid, ang paggalang sa karapatang pantao ay isang haligi sa mga pangako sa aming Responsableng Pagsasagawa ng Pangnegosyo.

Bilang isang pandaigdigang nagbibigay-empleyo, humaharap ang Sodexo sa iba't ibang lokal na konteksto hinggil sa karapatang pantao, at maaaring hindi laging may kontrol ang Grupo sa mga sitwasyong ito.

Nangagako ang Sodexo ng mga sumusunod hinggil sa karapatang pantao: Ginagalang ng

- Sodexo ang karapatang pantao saan man kami nagnenegosyo.
- Hangad ng Sodexo na isagawa ang negosyo nito sa paraang hindi makalalabag sa karapatang pantao ng iba, at tutugunan namin ang masamang dulot sa karapatang pantao na bunga ng aming mga gawaing pangnegosyo.
- Sa pamamagitan ng pag-iingat sa karapatang pantao, tutukuyin, iiwasan, at babawasan ng Sodexo ang masasamang dulot sa karapatang pantao na maaari naming maidulot o na maaaring tuwirang may kinalaman sa mga ugnayang pangnegosyo namin.

Nabigyang-alam ng mga pandaigdigang prinsipyo sa karapatang pantao ang mga pangakong ito. Itinakda ang mga prinsipyong ito sa United Nations Guiding Principles on Business and Human Rights, sa International Bill of Human Rights, sa International Labor Organization's Declaration on Fundamental Principles at Rights at Work, at United Nations Global Compact, kung saan kami ay may-lagda simula pa noong 2003.

Dagdag pa, noong 2011, lumagda ang Sodexo sa isang internasyunal na kasunduang balangkas kasama ang IUF upang kumpirmahin ang aming pangako ng paggalang sa Pangunahing Karapatang Pantao sa Trabaho. Naglakip ng isang apendiks sa kasunduang ito noong 2017. At kamakailan lang, nitong 2021, lumagda ang Sodexo at IUF ng isang deklarasyon ng hangarin na palakasin ang aming mga pangako at prayoridad sa kalusugan at kaligtasan sa lugar ng trabaho.

## Mga lugar namin ng trabaho

Isa ang Sodexo sa pinakamalaking nagbibigay-empleyo sa mundo. Maiaaplay ang mga pangakong ito sa bawat empleyado namin sa buong mundo. Responsable ang lahat ng lider, ehekutibo, at manager sa pag- alam, pagsunod, at pagpapahayag ng aming mga pangako hinggil sa karapatang pantao at ilakip sila sa kanilang mga operasyon, patakaran, at pagsasagawa.

Inaasahan ng Sodexo na isasagawa ng mga koponan namin ang mga sumusunod na minimum na pamantayan para sa mga tao naming nagtatrabaho sa buong mundo:

## Ligtas, malusog at seguradong lugar ng trabaho

Itinataguyod ng Sodexo ang isang pandaigdigang kultura ng kalusugan at kaligtasan at naglalayong magbigay ng *world-class* na pagsasagawang pangkalusugan at pangkaligtasan. Magbibigay ang Sodexo ng isang ligtas at malusog na lugar ng trabaho at mga kalagayan sa trabaho, na sumusunod sa *minimum* na kaugnay na batas at regulasyon at mapasasailalim sa programang malusog at ligtas na lugar ng trabaho ng Sodexo. Kapag naglaan ng mga matitirhan ang Sodexo para sa mga manggagawang nagtatrabaho sa aming mga lugar, dapat kaming kumilos upang mabigyan ang mga empleyado namin ng pisikal na seguridad at kaligtasan at tugunan ang mga pangunahing pangagailangan ng mga manggagawa, kasama na ang dumadaloy at maiinom na tubig, sapat na pasilidad pangsanitasyon, ilang pansariling puwang at pagkapribado, isang *locker* kada manggagawang nakatira sa lugar, paggalang sa lahat ng mahalagang kolektibong patakarang panggusali; at malilinis at ligtas na pasilidad. Ipagbibili ang mga serbisyong laan sa mga empleyadong nakatira sa lugar, gaya ng pagpapalaba, mga *grocery*, atbp., sa presyong makatwiran, nang hindi kumikita sa mga serbisyong ito.

## Magkakaiba at inklusibong lugar ng trabaho

Tapat ang Sodexo sa pagkuha ng mga empleyado batay sa mga pamantayan ng kwalipikasyon, kakayanan, karanasan at ibang pamantayang kaugnay sa trabaho. Naiaaplay din ang mga pamanayang ito sa lahat ng sitwasyon sa trabaho, hal., pangangalap, pagtatrabaho para sa kliyente, pagpili para sa isang proyekto o promosyon, o termination, at marami pa.

Nakikipagbaka ang Sodexo laban sa diskriminasyon at isang inklusibong tagabigay-empleo. Nais namin ang aming magkakaibang manggagawa na maging palagay at panatag sa trabaho. Hangad ng Sodexo na bigyan ang lahat ng empleyado ng pinakamainam na posibleng karanasang buhay-trabaho nang hindi alintana ang pagkakakilanlan ng kasarian, sekswal na oryentasyon, edad, etnisidad, pagkamamamayan, lahi, kulay, relihiyon, katayuan sa pag-aasawa, pagbubuntis, impormasyong genetiko, kapansanan, at iba pang katangiang iniingatan ng batas.

## Magalang na lugar ng trabaho

Inaasahan ng Sodexo ang lahat ng empleyado na ituring ang isa't isa nang may kagandahang-asal at respeto. Kasama rito ang paninigurong nagpapakita ang seguridad at iba pang pagsasagawa ng paggalang sa personal na dignidad at pagkapribado. Ipinagbabawal ng Sodexo ang karahasan sa lugar ng trabaho at anumang berbal, emosyonal, sikolohikal, sekswal, pisikal, o iba pang anyo ng panliligalig, abuso, pananakot, o *bullying.* Sinumang sangkot sa gayong pag-uugali ay isasailalim sa disiplina, kabilang ang agarang pagkatanggal.

## Walang sapilitang paggawa at human trafficking

Naniniwala ang Sodexo sa pag-alis sa lahat ng uri ng sapilitang paggawa at walang pagpapahintulot sa pang-aalipin o *human trafficking* saan mang bahagi ng negosyo. Kaya, sinisiguro nito na lahat ay malaya mula sa sapilitang paggawa, banta, seryosong panganib o pisikal na pamimilit at komersyal na pagtatalik; sinisigurong sinuman ay malayang magbitiw

anumang oras mula sa anumang trabaho; tapat at tumutupad sa mga pangako hinggil sa mga kalagayan sa trabaho. Dagdag pa, ipinagbabawal ng Sodexo ang mga bayad sa pangangalap ng trabaho – walang dapat magbayad upang makapagtrabaho sa amin – at sinasagot ang lahat ng gastos na kaugnay sa proseso ng pag aapply.

### Walang pagpapatrabaho ng kabataan

Nakatuon ang Sodexo sa pagtanggap ng mga indibidwal na eksklusibong hindi bababa sa 15 taong gulang, maliban sa kaso ng mga pag-aaral o *internship* bilang bahagi ng isang programang pampropesyunal na pagsasanay. Sa mga bansang ang legal na edad ay higit sa 15 taong gulang, igagalang ng Sodexo ang mga lokal na batas. Itinakda ng patakaran ng kumpanya ang mga malinaw na limitasyon sa edad, at anumang pag-empleo ng mga kabataang manggagawa ay sumasailalim sa anumang mga legal na limitasyon ayon sa oras ng trabaho, sahod, kalagayan sa trabaho, at *minimum* na edukasyon.

### Kalayaan sa asosasyon at sama-samang pagkakaunawaan

Nakatuon ang Sodexo sa paggalang sa karapatan ng mga empleyadong sumali o hindi sa unyong pinili nila, sama-samang tumawad nang walang anumang uri ng pagganti o diskriminasyon. Makikipagkasundo kami nang tapat kasama ang matutuwid na kinatawang empleyado. Tatalima kami sa mga batas ng mga bansa kung saan kami nagnenegosyo at gagawa ayon sa legal na balangkas ng bawat bansa upang siguruhin ang paggalang sa kalayaan sa asosasyon at sama-samang pagkakaunawaan. Sa mga bansang ipinagbabawal ng batas ang sama-samang pagkakaunawaan, isasaayos namin ang pagkakaroon ng katulad na paraan ng pagsasakatawan sa mga manggagawa (hal. mga pagpupulong, mga *coffee break,* mga survey sa pagkalahok).

### Makatarungang sahod, benepisyo, at oras ng trabaho

Inaasahan ng Sodexo na lahat ng empleyado ay babayaran ng makatarungang sahod at benepisyo sa napapanahong batayan para sa lahat ng panahong kanilang pinagtrabahuan. Susundin ng aming mga koponan ang lahat ng naaayong batas at regulasyon sa oras ng trabaho para sa lahat ng empleyado, kasama ang mga *maximum* na limitasyon sa oras at mga pangangailangan sa mga oras ng pahinga. Maaaring magpatupad ng *overtime* ayon lamang sa pinapayagan ng batas batay sa kalikasan ng trabaho.

### Natatanging pag-aalala sa mga nandarayuhang empleyado

Kinikilala ng Sodexo ang mga natatanging kalagayan ng mga taong naglalakbay palayo sa tahanan upang magtrabaho para sa amin, minsan patungo sa ibang bansa. Gagawa ng mga hakbang ang Sodexo upang masigurong hindi mapapasailalim sa abuso o pagtanggi sa karapatan ang mga nandarayuhang manggagawang ito bilang resulta ng kanilang pandarayuhan.

## Mga ugnayang-pangnegosyo namin

Ipararating ng Sodexo ang mga patakarang ito sa mga kliyente at *supplier*. Inaasahan namin ang mga kasosyo namin sa negosyo na suportahan ang mga patakarang ito at mga kaakibat nilang

prinsipyo. Maaaring makitungo kami sa mga kasosyo namin upang tugunan ang aktwal at potensyal na masamang dulot sa karapatang pantao.

## Mga komunidad namin

Nagnenegosyo ang Sodexo sa buong mundo. Hangad ng Sodexo na makatulong sa pagpapaunlad ng bawat komunidad kung saan kami nagnenegosyo at maging isang responsableng mamamayan ng mga komunidad na yaon. Nabubuhay at nagnenegosyo ang aming mga empleyado, kliyente, kostumer, at *supplier* sa mga komunidad na ito. Kakasunduin namin ang mga *stakeholder* sa mga komunidad kung saan kami nagnenegosyo at pagsisikapang magpaunlad ng mga solusyon sa mga alalahanin ukol sa masasamang dulot sa karapatang pantao sa mga komunidad na maaaring nauugnay sa mga gawaing pangnegosyo namin.

## Pag-uulat ng mga hinaing

Bukas kami sa mga stakeholder sa pagpapaalam ng mga hinaing tungkol sa mga pagsasagawang pangnegosyo namin at ng dulot nila sa karapatang pantao. Ang mga makabuluhang landas para sa pag- uulat ng mga hinaing, nang walang banta ng anumang paghihiganti, ay ganap na mahalaga sa aming mga empleyado. Gayundin, ang aming mga kliyente at *supplier* at kanilang mga empleyado, mga miyembro ng mga komunidad kung saan kami nagsasagawa, at iba pang *stakeholder* na maaaring apektado ng aming negosyo ay dapat may paraan din ng pagpapaalam ng masasamang dulot sa amin.

Nagbibigay ang Sodexo ng isang epektibong mekanismo saanman kami nagnenegosyo upang makapagbigay-alam ng kanilang hinaing hinggil sa paglabag sa kanilang karapatang pantao o ibang masamang dulot sa kanilang karapatang pantao kaugnay sa aming negosyo. Tumutulong ang aming Speak Up Ethics Line (www.speakup.sodexo.com) sa lahat upang kumpidensyal na maiulat ang mga gawain o pag- uugali na salungat sa aming mga Code of Conduct o ilegal, kabilang na ang mga paglabag sa karapatang pantao.

Maaari ring magbigay-alam ang mga empleyado ng gayong mga hinaing sa pamamagitan ng mga sama- samang kinatawan. Lahat ng ulat ay dapat tapat na maisagawa. Anumang ulat ng pinaghihinalaang paglabag sa karapatang pantao o masasamang dulot sa karapatang pantao ay maingat na susuriin ng Grupo, sa loob ng naaayong panahon sa pagitan ng tatlo hanggang anim na buwan, at agaran at wastong tutugunan. Ang mga indibidwal na tapat na mag-uulat ay hindi sasailalim sa pagganti, pagbabanta, o panggigipit, at pananatilihing kompidensyal ang kanilang pagkakakilanlan hanggang maaari at hangga't pinapayagan ng batas.

Kung ang ulat ay maaasahan (hal. tunay na nangyari ang pang-negosyong abuso), ipatutupad ang mga naaangkop na gawain kung kinakailangan (hal. parusa, pagtatama), hindi alintana ang mga sangkot na indibidwal, at ayon sa batas at aming Patakaran sa mga Pagsasagawang Pandisiplina.

## Tapat na pag-iingat at transparency

Dagdag pa sa pagtugon sa mga hinaing na ipinagbigay-alam sa pamamagitan ng indibidwal at sama-samang mekanismo ng karaingan, aktibong gagawa ang Sodexo upang alamin ang aktwal at potensyal na dulot sa karapatang pantao na nauugnay sa aming negosyo at upang gawin ang mga naaangkop na paraan upang tugunan ang mga panganib at epektong matutukoy namin. Ang prosesong ito ng pagtukoy ng panganib, pag- iwas, at paglutas (kasama ang aming mga tugon sa

mga naiulat na hinaing) ay sasailalim sa regular na pagsusuri upang mapabuti ang pagkaepektibo nito at siguruhin ang pagtanggap.

Binuo ng Sodexo ang sumusunod na Batayang Pantao upang masiguro ang mga minimum na pamantayan na naaaplay sa lahat ng empleyado.

Bawat "batayan" ay nauugnay sa isang kontrol at isang pagsubok na plano upang masuri at maiwasan ang panganib. Kabilang ang mga kontrol sa aming proseso ng panloob na kontrol.

- Ligtas, sigurado at malusog na lugar ng trabaho
- Magalang na relasyong pantrabaho: walang pagbabanta, panliligalig, diskriminasyon, o karahasan
- Mga kasangkapan at kagamitang pagsasanay at ligtas na pagsasagawa ng trabaho
- Malinaw na pamamahala: mga job description at layunin
- Paggalang sa mga pangunahing karapatang pantao sa trabaho
- Buong bayad: napapanahon lagi
- Patas na iskedyul: ayon sa legal na *maximum* na may wastong araw ng pahinga at mga *rest break*
- Pagkapribado ng Datos at seguridad ng personal na impormasyon
- Wasto at may dignidad na paninirahan (kung magkakaloob)
- Boses: makabuluhang mekanismo ng hinaing, na walang pagganti upang makapag-ulat ng anumang paglabag

## Ugnayan sa ibang patakaran at pagsasagawa

Bilang isang mahalagang elemento ng mas malawak na pangako ng Sodexo sa Responsableng Pagsasagawa ng Negosyo, itong Pahayag ng Paggalang sa Karapatang Pantao ay nagbibigay-alam at suportado ng mga sumusunod na patakaran, pahayag, at kasunduan ng Sodexo:

- Sodexo Kodigo ng Etika: Gabay sa Integridad Pang-negosyo
- Gabay sa Pangunahing Karapatang Pantao sa Trabaho ng Sodexo
- International Framework Agreement kasama ang International Union of Food and Allied Workers (IUF)
- Sodexo-IUF Joint Commitment on Preventing Sexual Harassment
- Sodexo-IUF deklarasyon ng hangaring palakasin ang mga pangako at prayoridad sa kalusugan at kaligtasan sa lugar ng trabaho
- Mga Pandaigdigang Gabay sa Pagkakaiba at Pagpapaloob
- Kodigo ng Pagsasagawa ng Supplier ng Sodexo
- Mga Patakarang Pang-yamang Tao ng Sodexo
- Linya ng Speak Up Ethics: www.speakup.sodexo.com